Pag-aari ng Pamahalaan
HINDI IPINAGBIBILI

4

# Filipino

## Unang Markahan - Linggo 5 Modyul 18:
## (Pagsulat ng Balita)



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

Kagawaran ng Edukasyon • Republika ng Pilipinas

Filipino – Ikaapat na Baitang
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan - Modyul 18: Pagsulat ng Balita
Unang Limbag, 2020

**Paunawa hinggil sa karapatang – sipi.** Isinasaad ng Seksyong 176 ng Batas ng Pambansa Bilang 8293: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-isip sa ano mang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan kung saan ginawa ang isang akda upang magamit sa pagkakakitaan ang nasabing akda. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang patawan ng bayad na *royalty* bilang kondisyon.

Ang mga akda / materyales (mga kwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names*, tatak o *trademarks*, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsikapang mahanap at mahingi ang pahintulot ng mga may karapatang-ari upang magamit ang mga akdang ito. Hindi inaangkin ni kinakatawan ng mga tagapaglathala *(publishers)* at may-akda ang karapatang-aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon – Sangay ng Lungsod ng Valencia
Tagapamanihala ng mga Paaralan: Rebonfamil R. Baguio

**Koponan ng Pagpapaunlad ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **May-akda:** | Mitchell E. Emboltura |
| **Editor:** | Cathyrine D. Melos |
| **Tagasuri :** | Emelita F. Rey, PSDS<br>Leonor C. Reyes, MAEDFIL |
| **Tagalapat**: | Ma. Gelyn G Zerna<br>Rommel C Villa |
| **Ilustrador:** | Madilyn P. Saphlot |
| **Layout Artists:** | John Rimmon I. Taquiso |
| **Tagapamahala:** | |
| **Chairperson** | Rebonfamil R. Baguio<br>*Tagapamanihala ng mga Paaralan* |
| **Co-Chairperson** | Eugene I. Macahis, Jr.<br>Asst. Schools Division Superintendent |
| **Mga Kasapi:** | Jayvy C. Vegafria, CID Chief ES<br>Noemie M. Pagayon, EPS – Filipino<br>Analisa C. Unabia, EPS – LRMS<br>Joan Sirica V. Camposo, Librarian II |


Inilimbag sa Pilipinas ng:

Kagawarang Edukasyon – Sangay ng Lungsod ng Valencia
Office Address: Lapu-lapu Street, Poblacion, Valencia City 8709
Telefax: (088) 828-4615
Website: deped-valencia.org

# 4

# Filipino

## Unang Markahan - Linggo 5 Modyul 18:
## (Pagsulat ng Balita)

Ang kagamitan sa pagtuturong ito ay magkatuwang na inihanda at sinuri ng mga guro mula sa pampublikong paaralan. Hinihikayat namin ang mga guro at iba pang nasa larangan ng edukasyon na ipadala ang inyong mga puna, komento at rekomendasyon sa pamamagitan ng email sa Kagawaran ng Edukasyon at region10@deped.gov.ph.

**Lubos naming pinapahalagahan ang inyong mga puna at rekomendasyon.**

**Kagawaran ng Edukasyon • Republika ng Pilipinas**

## *Ang modyul na ito*

Ang modyul na ito ay inihahandog para sa mga mag-aaral ng asignaturang Filipino sa Ikaapat na Baitang.

` ito ay maingat na inihanda upang nakasusulat ng balitang napakinggan nang may wastong pagkakasunod-sunod sa mga pangyayari. Ito ay binubuo ng sumusunod na mga bahagi:

- Alamin
- Subukin
- Balikan
- Tuklasin
- Suriin
- Pagyamanin
- Isaisip
- Isagawa
- Tayahin
- Karagdagang Gawain

Mahal naming mag-aaral:

Nasa ikaapat na Baitang na kayo ngayon. Binabati namin kayo. Madaragdagan na naman ang inyong kasanayan at kaalaman. Ipagpatuloy ninyo ang pagpaunlad sa inyong sarili.

Sana sa paggamit mo nito ay mapaunlad mo pa ang iyong kaalaman at kahusayan bilang isang mag-aaral sa makabagong panahon.

Mabuhay ka!



## *Alamin*

Pagkatapos ng modyul na ito ikaw ay inaasahang:

Layunin:

1. Nakasusulat ng balitang napakinggan nang may wastong pagkakasunod-sunod sa mga pangyayari.

## *Paano matuto sa Modyul na ito:*

Upang makamit ang layunin na inilalahad sa itaas, gawin ang mga sumusunod na mga hakbang;

- Basahin at unawain nang mabuti ang aralin.
- Sundin at gawin ang inilalahad na panuto sa bawat pagtataya at pagsasanay.
- Sagutin ang lahat na pagtataya at pagsasanay.

## *Mga Icons sa Modyul na ito*

| | | |
|---|---|---|
|  | Alamin | Ang bahaging ito ay naglalaman ng layunin sa pagkatuto na inihanda upang maging gabay sa inyong pagkatuto. |
|  | Subukin | Ito ay mga pagsasanay na sasagutin upang masukat ang iyong dating kaalaman at sa paksang tatalakayin. |
|  | Balikan | Ang bahaging ito ay may kaugnayan sa nakaraang aralin at sa iyong bagong matututunan. |
|  | Tuklasin | Ipakikilala ang bagong aralin sa pamamamamagitan ng gawaing pagkatuto bago ilahad ang paksang tatalakayin. |
|  | Suriin | Ito ay ang pagtatalakay sa pamamamamagitan ng gawain sa pagkatuto upang malinang ang iyong natuklasan sa pag-unawa sa konsepto. |
|  | Pagyamanin | Ito ay mga karagdagang gawain na inihanda para sa iyo upang ikaw ay magiging bihasa sa mga kasanayan. |
|  | Isaisip | Mga gawaing idinisenyo upang maproseso ang iyong natutunan mula sa aralin. |
|  | Isagawa | Ito ay mga gawaing dinisenyo upang maipakita ang iyong mga natutunan na kasanayan at kaalaman at ito ay magamit sa totoong sitwasyon. |
|  | Tayahin | Ang pagtatasang ito ay ginamit upang masusi ang iyong antas ng kasanayan sa pagkamit ng layunin sa pagkatuto. |
|  | Karagdagang Gawain | Ito ay mga karagdagang gawaing pagkatuto na dinisenyo upang mas mahasa ang iyong kasanayan at kaalaman. |



## *Subukin*

**Panuto:** Lagyan ng ☺ kung ito ay tama at ☹ kung mali. Isulat ang iyong sagot sa patlang.

__________ 1. Ilagay sa hulihang talata ang pinakatampok ng balita.
__________ 2. Isulat ang balita ayon sa tunay na pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari nito.
__________ 3. Banggitin ang pinagmulan ng impormasyon kahit isang beses lamang.
__________ 4. Huwag maging tumpak sa pagsulat ng balita.
__________5. Isulat ang buod ng balitang isusulat.
__________ 6. Isulat kahit anong marinig sa paligid.
__________ 7. Itala ang mga pangyayari.
__________ 8. Magbigay ng maling opinyon.
__________ 9. Ilahad ang mga pangyayari nang walang kinikilingan.
__________10. Isulat ang buong pangalan ng tao sa unang pagkakataon.

# Aralin 4 Pagsulat ng Balita






***Balikan***

Ipabasa ang mga pangungusap.

1. Pinangaralan ni Gng. Reyes ang kaniyang anak sa hindi pagsunod sa guro.

2. Tinanggap ni G. Henry ang Sertipiko ng Pagkilala bilang mahusay na guro sa paaralan.

Itanong:

*Ano ang pangngalang ginamit sa unang pangungusap? Ikalawang pangungusap?*

*Tukuyin ang kasarian nito.*



## *Tuklasin*

Bukod sa pamilya ni Manuelito, sino pa kaya ang nagawaran ng pagkilala bilang huwarang pamilya? Alamin natin sa pamamagitan ng pagbasa ng isa pang balitang ito.

**Pamilya Cuevas ng Navotas Pinarangalan bilang Huwarang Pamilya ng 4Ps ni Lucy F. Broňo**

Lungsod ng Quezon, Set. 23 PIA – Pinarangalan ang pamilya Cuevas ng Barangay San Roque, Lungsod ng Navotas sa isinagawang selebrasyon ng Family Week kahapon sa SM Mall of Asia.

Sa 12 nominadong pamilya mula sa iba't-ibang local na pamahalaan sa National Capital Region (NCR), ang pamilya ni Herminio at Norma Cuevas ang tinanghal na Huwarang Pamilya ng Programang Pantawid Pamilyang Pilipino (4Ps).

Nahirang na Huwarang Pamilya ang pamilyang Cuevas dahil sa pagiging mabuting magulang, sa magandang pagsunod sa mga alituntunin ng programa, sa magandang serbisyo sa komunidad, at sa magandang pagpapalaki ng mga anak.

Ang pamilya ay naging benipisyaryo ng programa mula noong Disyembre 2008 at tumatanggap ng *cash grant* na nagkakahalaga ng Php 1,100 para sa mga pangangailangan sa edukasyon at kalusugan.

Sinabi ni DSWD Regional Director Alicia Bonoan na napiling Huwaran ang pamilya Cuevas dahil kahit kakarampot ang kita ng mag-asawa, naibuhos nila ang kanilang kakayanan at abilidad upang masuportahan ang pamilya kasabay ng pagiging aktibo sa mga gawaing komunidad at pagtupad ng mga alituntunin ng programa.

Samantala, sinabi ni Abubakar Sansaluna ng National Commision for Muslim Filipinos na isa sa *board of judges* ng Huwarang Pamilya, na isang “epitome of a model family” ang Cuevas sapagkat kahit lubha silang naghihirap, naitanim nila ang kahalagahan ng edukasyon sa kanilang mga anak.

Ang pagtatakda ng Huwarang pamilya mula sa mga benipisyaryo ng 4Ps ay isang paraan upang maitaguyod ang programa, ang pagkakaisa ng pamilya na malampasan ang mga unos sa buhay, at maging ehemplo sa iba pang mga benipisyaryo.

Sa welcome speech ni Pasay City Mayor Antonio Calixto hinimok niya ang mga benipisyaryo na maging inspirasyon sa ibang pamilya sa kabila ng maraming pagsubok at ilagay ang Maykapal sa gitna ng kanilang buhay.

Ang buong araw na selebrasyon ay isinagawa ng Regional Inter-Agency Committee on Filipino Family ng National Capital Region (RIAC-Filipino Family ng NCR) na pinangunahan ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) kasama ang iba’t- ibang ahensiya ng pamahalaan at mga non-government organizations (NGOs) upang maitaguyod ang kahalagahan ng pagkakaisa ng bawat pamilya at ang kontribusyon ng programang 4Ps sa pag-angat sa buhay ng mga lubhang nagdarahop.



## ***Suriin***

Ilang talata mayroon ang balita? Tungkol saan ang bawat talata?

Basahin at tandaan ang mga dapat gawin sa pagsulat ng balita:

- Isulat ang buod ng balitang isusulat.
- Itala ang mga pangyayari.

- Ilagay sa hulihang talata ang pinakatampok ng balita.
- Isulat ang balita ayon sa tunay na pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari nito.
- Magbigay ng opinion tungkol sa isinulat.
- Isulat ang buong pangalan ng tao sa unang pagkakataon.
- Ilahad ang mga pangyayari nang walang kinikilingan.
- Maging tumpak.
- Banggitin ang pinagmulan ng impormasyon.
- Bawat talata ay nakatuon sa isang ideya. Kalimitan, nasa unang pangungusap ang pangunahing ideya ng balita. Ang iba pang pangungusap sa talata ay sumusuporta sa pangunahing ideya.
- Isipin ang unang salita ng bawat talata.
- Ginamit ang malaking titik kung saan kailangan.
- Ginamit ang wastong bantas ng pangungusap.



## *Pagyamanin*

Basahin ang mga pangungusap. Iayos ang mga ito upang makabuo ng isang balita. Pumili lamang ng isa upang isulat sa patlang sa ibaba.

Balita 1

| |
|---|
| (1) Bulkang Pinatubo, Gagawing Pook Panturista |
| (2) Ipinanukala ang pagtatayo ng mga cable car pantawid sa tuktok ng bulkan |
| (3) Sinasabi ni dating Kalihim Mina Gabor ng Kagawaran ng Turismo na ipatutupad ang Php. 1.5 milyong proyekto upang gawing isang pangunahing destinasyon ng mga turista ang Bulkang Pinatubo |

| |
|---|
| (4) Ayon kay dating Kalihim Gabor, magtatayo ang DOT ng mga viewing deck na may teleskopyo sa paligid nito at gagawa ng tatlong daan patungo sa bulkan upang makaakyat at makapaligo ang mga turista sa bungnga nito. |

Balita 2

| |
|---|
| (1) Mt. Arayat, Maaaring sumabog? |
| (2) Nasa Pampanga ang Bundok Arayat, sinasabing maaaring ito'y pumutok |
| (3) Sinabi ni Kalihim Padolino na Malaki ang kapinsalaang idudulot ng pagputok ng Mt. Arayat dahil nakatayo ito sa pagitan ng Pampanga at Nueva Ecija, mga lalawigang umaasa nang Malaki sa agrikultura |
| (4) Ibinilang kamakailan ng Department of Science and Technology (DOST) sa watchlist ng Philippine Institute of Volcanology and Seismology (Phivolcs) ang Mt. Arayat sa Pampanga upang maiwasan ang malaking sakuna sakaling biglaan itong pumutok. |

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________


_______________________________________________



## *Isaisip*

Kompletuhin ito, nais kong maging mahusay na tagapagbalita, kaya dapat tandaan ko ang sumusunod:

1. ________________________________________________
2. ________________________________________________
3. ________________________________________________
4. ________________________________________________
5. ________________________________________________



## *Isagawa*

Panuto: Tukuyin kung gaano mo kadalas ginagawa ang sumusunod na mga pangungusap. Isulat ang 1 kung madalas, 2 kung minsan at 3 kung hindi.

| **Gaano mo ito kadalas gawin?** | |
|---|---|
| 1. Sinusunod ko ang utos ng aking magulang. | |
| 2. Iginagalang ko ang karapatan ng mga kapamilya ko. | |
| 3. pinahahalagahan ko ang kakayahan at galing ng aming kapamilya. | |
| 4. bumabati ako kapag may darating. | |
| 5. nagmamano/ humahalik sa pisngi o kamay ng nakatatanda. | |



## *Tayahin*

Panuto: Basahin ang mga pangungusap. Iayos ang mga ito upang makabuo ng isang balita.

| |
|---|
| (1) Mt. Arayat, Maaaring sumabog? |
| (2) Nasa Pampanga ang Bundok Arayat, sinasabing maaaring ito’y pumutok |
| (3) Sinabi ni Kalihim Padolino na Malaki ang kapinsalaang idudulot ng pagputok ng Mt. Arayat dahil nakatayo ito sa pagitan ng Pampanga at Nueva Ecija, mga lalawigang umaasa nang Malaki sa agrikultura |
| (4) Ibinilang kamakailan ng Department of Science and Technology (DOST) sa watchlist ng Philippine Institute of Volcanology and Seismology (Phivolcs) ang Mt. Arayat sa Pampanga upang maiwasan ang malaking sakuna sakaling biglaan itong pumutok. |

-

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________



***Karagdagang Gawain***

Sumulat ng sariling balita tungkol sa mga na obserbahan sa inyong pamayanan, o sa narinig sa radio o sa telebisyon. Isulat ang iyong balita sa ibaba.

____________________________________

__________________________________________________________________

__________________________________________________________________

__________________________________________________________________

__________________________________________________________________

__________________________________________________________________

__________________________________________________________________

Sagutin ang tseklist sa pagsulat ng balita. Lagyan ng tsek (/) ang kolum ayon sa isinasaad ng pamantayan sa ibaba.

| Mga Pamantayan | hindi | minsan | Oo |
|---|---|---|---|
| 1. Naisulat ang pamagat ng talataan sa gitna ng sulatang papel. | | | |
| 2. Naisulat sa malaking titik ang:<br>a. simula ng mahalagang salita sa isang pamagat<br>b. simula ng mga pangungusap<br>c. sa mga pangngalang pantangi | | | |
| 3. May pangunahing diwa ang talata. | | | |
| 4. ipinasok ang mga salita ng talata. | | | |
| 5. May angkop na bantas ang bawat pangungusap. | | | |

## *Susi sa Pagwawasto*

| Subukin |
| --- |
| 1. ☹ |
| 2. ☺ |
| 3. ☹ |
| 4. ☹ |
| 5. ☺ |
| 6. ☹ |
| 7. ☺ |
| 8. ☹ |
| 9. ☺ |
| 10. ☺ |

***Sanggunian:***

Jabines Angelika D. (2015) Yaman ng Lahi Wika at Pagbasa sa Filipino 4. Sunshine Interlinks Publishing House Inc.

https://depedclub.com/grade-4-teachers-guide-all-subjects/

Para sa mga katanungan at mungkahi, mangyaring sumulat o tumawag:

Kagawaran ng Edukasyon – Sangay ng Lungsod ng Valencia

Lapu - Lapu Street, Poblacion, Valencia City 8709

Telefax: (088) 828 - 4615